KASAGANA-KA
Mutual Benefit Association, Inc.

Resolution Bilang 68, Serye 2016

Resolusyon hinggil sa paggawad kay Wenifreda "Ka Weny" Rodriguez ng "Adviser Emeritus Award"

SAPAGKAT, Si Ka Weny (Wenifreda Rodriguez) bilang isang lider ng KMBA ay kinikilala bilang isa sa mga taong nagbigay ng panahon, talino at lakas para sa tagumpay ng organisasyon;

SAPAGKAT, Si Ka Weny ay simbulo at naging mukha ng KMBA sa mata ng mga kasama at kaibigan sa larangan ng Mutual Benefit Association;

SAPAGKAT, ang KMBA ay may polisiya na hanggang apat (4) lamang ang uupong Board of Adviser sa mga regular at special na pulong ng Board of Trustees, sa panahon na lumabis ng isa, unang bababa ang pinaka-naunang naging Pangulo ng KMBA at magbibigay daan ito para pumasok bagong halal na Pangulo ng KMBA, samantalang ang unang dalawa sa apat na Board of Adviser ay uupo bilang kinatawan ng KMBA sa Board ng Kasagana Cooperative, Inc;

SAPAGKAT, ang "Adviser Emeritus Award" ay ibibigay lamang ng KMBA para sa taong natatangi at may mataas na pagkilala dahil sa nagawa nito sa organisasyon;

NGAYON DAHIL DITO, upang bigyan ng pagkilala sa kanyang mga nagawa at nai-ambag sa tagumpay ng KMBA, sa pangunguna ni BoT member Marivic, pinangalawahan ni BoT Aileen at sinang-ayunan ng lahat ng Board of Trustees, minungkahi na bigyan ng kauna-unahan at natatanging "Adviser Emiritus Award" si Gng. Wenifreda Rodriguez.

Sa pagpapatibay ng kapasyahang nabanggit, ang Board of Trustees ay lumagda sa resolusyong ito ngayong ika-1 ng September 2016, Lungsod Quezon.

ISABEL M. ILIW-ILIW
Pangulo

JERLENE B. PEREZ
Kalihim

AILENE V. RAMOS
Miyembro

ELIZABETH G. FUENTES
Miyembro

PERLA F. BATINGAL
Independent Board

MARISSA A. LOYOLA
Ingat-yaman

MA. TERESA G. BUCAD
Miyembro

MARIVIC R. LOTERTE
Miyembro

ANITA L. MANUNDO
Miyembro

Pinagtibay ni:

SILVIDA R. ANTIQUERA
General Manager

#5 Don Francisco Street, Don Enrique Heights, Brgy. Holy Spirit Commonwealth Ave., Quezon City
Telefax: (63) 990-7915
Email: kasaganaka.mba@gmail.com